“Pagbubong”

Ang mga importanteng payo para sa kaligtasan at kalusugan

Paglagay ng andamyo (tungtungan sa trabaho)

(1) Prefabricated na mga andamyo



Mga bagay na susundan

1. Maglagay ng daanan sa pagitan ng andamyo at gusali.
2. Huwag maglagay ang anumang mga materyales sa andamyo.
3. Mag-install ng mga end stopper.
4. Magkabit ng mga patayong lambat.
5. Maglagay ng mga pangkaligtasang lambat sa bawat palapag o mga toe board sa gilid ng gusali.
6. May mga nakalagay ring hawakan sa gilid ng gusali.
7. Ang kapasidad na bigat ay dapat nasa 400kg o mas mababa kada span.
8. Ang isang tungtungan ay hindi dapat bababa ng 40cm ang lapad, at ang pagitan ay dapat hindi lalagpas ng 3cm.
9. Sa andamyo, gumamit ng personal na sistema ng pang-iwas ng pagkakahulog (harness na pang-iwas ng pagkakahulog).

(2) Isahang tubo na andamyo





Mga bagay na susundan

1. Dapat na nakakabit nang tama ang mga konektor sa pader.
2. Ang isang tungtungan (work platform) ay hindi dapat bababa ng 40cm ang lapad at ang pagitan ay dapat hindi lalagpas ng 3cm.
3. Ang pangunahing suporta ay konektado sa lahat ng mga materyales ng patayong poste.
4. Dapat na nakakabit nang tama ang mga pataas na pier.
5. Ipaskil ang bigat na kapasidad.
6. Sa andamyo, gumamit ng personal na sistema ng pang-iwas ng pagkakahulog (harness na pang-iwas ng pagkakahulog).
7. Ang karga ay kailangang 400 kilos o mas mababa pa kada span.

(3) Tungtungan (Work platform)



Mga bagay na susundan

1. Ipaskil ang bigat na kapasidad.
2. Maglagay ng mga toe board.
3. Ang lapad ng tungtungan ay kailangang 30cm o higit pa, at ang pagitan ay kailangang 3 cm o mas mababa pa.
4. Ang pagitan ng tungtungan at materyales ng patayong poste ay dapat mababa sa 12cm.
5. Maglagay ng matibay na hawakan na may taas na 85cm o higit pa, at maglagay ng gitnang tubo.

(4) Andamyo (paanan)



Mga bagay na susundan

1. May mga nakalagay na sole plate.
2. May mga nakalagay na permanenteng jack base sa sole plate na may mga pako, o mga pampatibay na materyales na kumokonekta sa mababang bahagi ng patayong parte.
3. May mga nakalagay na pampatibay sa buong paligid.
4. Maglagay ng mga angkop na konektor sa pader.

(5) Paggawa sa slate na bubong



Mga bagay na susundan

1. Kapag naglalagay ng mga materyales sa bubong, maglatag ng mga tabla, at ilagay ang mga ito.
2. Ang lapad ng patungang tabla ay dapat na 30cm o higit pa.
3. Maglagay ng pataas na pier sa bubong.
4. Gumamit ng personal na sistema ng pang-iwas ng pagkakahulog (harness na pang-iwas ng pagkakahulog).
5. Maglagay ng mga pahalang na pangkaligtasang lambat.

(6) Naililipat na hagdan



Mga bagay na susundan

1. Ang anggulo sa paglalagay ng hagdan ay dapat humigit-kumulang na 75 degrees.
2. Ang mataas na dulo ng hagdan ay dapat lumampas ng 60cm.
3. Magsagawa ng mga pag-iingat para maiwasan ang pagkakahulog.
4. Gumamit ng hagdan na may lapad na 30cm o higit pa.

(7) Rolling tower



Mga bagay na susundan

1. Huwag magkarga ng higit sa limitasyon ng kapasidad.
2. Huwag gumamit ng nabibitbit na hagdan o hagdan sa tungtungan sa trabaho.
3. Huwag ilipat habang may mga trabahador o mga materyales sa ibabaw nito.
4. Naka-lock dapat ang mga caster at ang mga outrigger ay dapat na mahigpit na nakapirmi gamit ang mga jack.

(8) Aerial work na sasakyan





Mga bagay na susundan

1. Ang mga pasahero sa work platform ay kailangang gumagamit ng personal na sistema ng pang-iwas ng pagkakahulog (harness na pang-iwas ng pagkakahulog).
2. Sa sandaling makasakay, ikabit ang hook ng pang-iwas ng pagkakahulog (harness na pang-iwas ng pagkakahulog) sa hawakan o barandilya.
3. Ang paggalaw sa sasakyan ay isinasagawa matapos ang pagbaba ng work platform sa pinakamamabang puwesto.
4. Ipinagbabawal ang paglipat ng sasakyan mula sa ibang sasakyan.
5. Ang pagmamaneho ng mga sasakyang aerial ay nangangailangan ng mga sumusunod na kwalipikasyon.

	Pagsasanay sa kasanayan na kurso	Natatanging edukasyon
Ang pagmamaneho ng aerial work na sasakyan na may taas ang work platform na 10m o higit pa.	○	
Ang pagmamaneho aerial work na sasakyan na may taas ang work platform na mas mababa sa 10m.	○	○